cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

ANTAS NG KASANAYAN SA PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA GRADE 8

[1]ZUZZETTE MENCHU ACLINEN; [1]MARILYN OLESIO

[1]Student, Graduate School, Baguio Central University

DOI: 10.47760/cognizance.2023.v03i12.024

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay alamin ang mga salik na nakakaapekto sa kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade 8 ng Baguio City National High School, Baguio City, para sa taong panuruan 2022-2023. Ang Quasi Experimental method ang gagamitin sa pananaliksik. Sa mga naunang pag-aaral ukol sa kasanayan sa pagbasa, binanggit ang mga pagsubok ng mga guro sa pagtuturo sa panahon ng pandemya, kung gaano kahirap ito, at kung paano mababa ang antas ng propesyonalismo sa pag-unawa sa pagbasa. Sinusuri din ang mga salik na nakaaapekto sa mababang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral, at inaaral kung aling mga programa ng gobyerno ang dapat suportahan para mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagbasa. Natuklasan na mababa ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa, lalo na dahil sa epekto ng nakaraang pandemya. Ginamit ang modular na paraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral. Sa paggamit ng estratehiyang indibidwal na pagkatuto bilang solusyon, lumitaw ang positibong pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral pagkatapos ng interbensyon. Nakita sa resulta ng post-test ang pag-angat ng mean score ng mga mag-aaral, at napatunayan ng t-test na mayroong malinaw na pagbabago sa pangkat na sumailalim sa pag-aaral. Sa kabuuan, naglunsad ang mananaliksik ng konklusyon na nagpapatunay na epektibo ang estratehiyang sama-samang pagkatuto sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Mga susing salita: estratehiya, kakayahan, Phil- Iri, pagbasa at pag-unawa

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

PANIMULA

Ang pagbasa ay isang gawain na kinikilala, binibigyang kahulugan, at pagtaya ng mga ideya sa makalimbag na simbolo. Ito ay isang mabisang paraan upang linangin ng isang tao ang kanyang kasanayan sa pag-unawa ng teksto. May mga dahilan kung bakit ang pagbasa ay isang mahalaga upang mas maging marunong sa buhay. Mas tumatalino ang tao, bata man o matanda, dahil sa mga bagong impormasyon na kanyang natutuhan, mas nahahasa ang kaisipan. Nawawala ang pagkabagot kapag ikaw ay nag-iisa. Ang pagbabasa ay mas napag-iibayo ang iyong imahinasyon at sa pamamagitan ng imahinasyon, maari mong maranasan ang mga hindi mo pa naranasan. Mas lumalawak ang iyong pananaw sa buhay.

Sa Unibersidad ng Warsaw, Poland lumitaw sa pag-aaral nina Zawadka et al., (2021) na ang mga mag-aaral sa naturang paaralan ay mayroong makabuluhang mabigat na suliranin pagdating sa pang-araw-araw na gawain ng pagbasa gaya ng pag-unawa sa panuto kahit sa isang maliit na pakete ng pagkain at lebel ng gamot kung kaya't suporta, paggabay at pagpapabasa ay higit na kinakailangan nila.

Ayon kina Rasouli & Ahmadi, (2021) ang pagbabasa ay isang kumplikadong kasanayan na nangangailangan ng kasama upang ang tagabasa ay maging matagumpay. Layunin nito na isaisip, gumamit ng mga diskarte kapag nagbabasa ng teksto. Binigyang-diin nina Fountas at Pinnell (2017), na sa lipunang may mayaman na literatura, ang kakayahang magbasa ay mahalaga para sa kalidad ng buhay ng isang tao.

Dagdag pa, binigyang-diin nina Echaure at Torno, (2017); Heguerra at Cacho, (2022) ang kakayahang magbasa ay napakahalaga sa henerasyong ito dahil sa maraming kaganapan at puwersang nangyayari sa buhay ng tao. Sa dami ng impormasyong madaling magagamit para sa lahat, ito ay magiging kapus-palad kung ang isang indibidwal ay hindi makibabahagi at makikinabang sa kanyang mga nasalubong na impormasyon. Ang pagbabasa ay isang pasaporte ng ordinaryong indibidwal tungo sa kaalaman, papunta sa pintuan ng malawak na daigdig.

Ayon sa DepEd Memorandum (No. 173, s. 2019), ang programa sa pagpapabasa ay magkakaroon ng mga sumusunod na target output: pagsulong, pagpapanatili ng kultura ng pagbasa, pagpapahusay sa kakayahan ng bawat guro sa pagtuturo ng pagbasa at pagpapatupad ng interbensyon. Dagdag pa, ito ay nakapokus patungo sa pagkamit ng paghahasa ng kakayahan sa pagbabasa kung saan bawat mag-aaral ay makabasa at maka-unawa nang nakapag-iisa sa kanilang antas o baitang na magreresulta sa pagdagdag ng mga kinalabasan ng pag-aaral. Bukod dito, ang mga teorya sa pagbasa, kasanayan, at pagsasaliksik ay dapat maging gabay sa pagpaplano,

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

pagpapatupad, proseso, pagsubaybay at pagsusuri sa mga yugto ng programang pagpapabasa.

Lumabas sa pag-aaral ni Burns, (2022) na naka-angkla sa pangunahing programang Every Child A Reader Program ang Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd). Ito ay tumatasa at sumusuri sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya at sekundarya. Ito rin ay naglalayong sukatin ang kakayahan na mag-decode ng teksto.

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, may ilang pagkukulang sa pananaliksik kaugnay ng antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8. Isa sa mga pag-aaral ay nagsasaad na ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 ay nag-uunlad, at mayroong malalaking pagkakaiba-iba sa kasanayan sa pagbasa at pag-unawa batay sa mga salik tulad ng edad, buwanang kita ng pamilya, at antas ng edukasyon ng mga magulang (Kidlo et. al, 2023). Isa pang pag-aaral ay nag-ulat na ang porsyento ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang na nasa antas ng propesyonal sa pag-unawa sa pagbasa ay bumaba mula 29% noong 2019 hanggang 27% noong 2022 (Astorga, 2010). Bukod dito, nagbibigay impormasyon ang NAEP ukol sa antas ng tagumpay sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang, ngunit hindi ito eksplisitong nag-aaddress ng mga kakulangan sa pananaliksik (Banawe, 2015). Isang pag-aaral ang naglalayong tuklasin ang antas ng kasanayan at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 sa iba't ibang tekstong pampanitikan, at natuklasan na kinakailangan pa palakasin ang kanilang kasanayan at pag-unawa sa pagbasa. Ini-rekomenda ng pag-aaral na amyendahan ang Afro-Asian module upang maging kaangkop ang pagkakasulat nito sa mga mambabasa (Berrin, 2021). Sa pangkalahatan, may pangangailangan para sa karagdagang pananaliksik hinggil sa paano mapabuti ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 at kung paano masolusyunan ang mga salik na nakakaapekto sa kanilang kasanayan at pag-unawa sa pagbasa.

Sa pagsusuri na ito, magkakaroon ng mga positibong benepisyo para sa iba't ibang sektor ng edukasyon. Para sa mga mag-aaral, inaasahan ang pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa. Ang pagsusuri ay magbibigay daan sa mas malalim na kaalaman at kasanayan sa pagsusuri ng iba't ibang teksto, at magbubukas ng landas para sa personal na pagsulong sa kanilang akademikong landas (Sario et. al, 2022).

Para naman sa mga guro, ang mga natuklasang suliranin at kahinaan ng mga mag-aaral ay magbibigay ng mahalagang impormasyon para sa mas maayos at mas personalisadong pagtuturo. Ang pagsusuri ay maaaring

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

magdulot ng pagpapalalim sa kanilang kaalaman sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at pag-unawa.

Sa mga magulang, inaasahan ang aktibong pakikilahok sa edukasyon ng kanilang mga anak. Ang pagsusuri ay magbibigay daan para sa mas malalim na pag-unawa ng mga magulang sa mga akademikong pangangailangan ng kanilang mga anak, at maaaring magsilbing gabay sa pagbibigay ng suporta at pagtutok sa mga bahay na gawain na naglalayong mapabuti ang pag-unlad sa pagbasa ng kanilang mga anak.

Sa administrasyon ng paaralan, ang pagsusuri ay magiging pundasyon para sa pagbuo at pagsasaayos ng mga programang pang-edukasyon. Ito ay magbibigay daan para sa mga interbensiyon at programa na makakatulong sa pangkalahatang pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa. Ang impormasyon ukol sa mga pangangailangan at kakulangan ay maaaring maging basehan para sa alokasyon ng pondo at iba pang kagamitan na makakatulong sa pangangailangan ng mga mag-aaral at guro.

Layunin ng pagsusuri na ito na suriin at masukat ang antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade 8 ng Baguio City National High School para sa taong 2022-2023. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pagsusuri ay magbigay ng masusing pagsusuri at impormasyon ukol sa kalagayan ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade
8, at magkaruon ng mga rekomendasyon para sa mga potensyal na interbensiyon at pagpapaunlad sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasa.

Konseptual Framework

Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na kailangang malaman at paunlarin ng mga mag-aaral. Habang nagbabasa, nakikipag-usap at naglalantad ng mga text message. Ang mga mag-aaral na may malawak na pag-unawa ay kamangha-mangha hindi lamang dahil makakabasa sila, kundi dahil naintindihan din nila ang nabasa. Gayunpaman, ang mga mag-aaral ay nahihirapan pa ring unawain ang binabasa at may mahinang pagkaunawa sa nais ipahiwatig ng teksto.

May mga teorya ang pagbasa ayon sa Teoryang Bottom-Up ang pagbasa ay isang traditional na bunga ng teoryang behaviorist na higit na nagbibigay pokus sa kapaligiran sa paglinang ng komprehensiyon sa pagbasa. Nananalig ang teoryang ito na ang pagkatuto sa pagbasa ay nagsisimula sa pagkilala sa mga titik, salita,parirala, at pangungusap bago malaman ang kahulugan ng teksto. Sinasabi nitong ang pagbasa ay pagkilala ng mga salita, at ang

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

teksto ang pinakamahalaga sa pagbasa (Arrogante, 2003). Ang mambabasa ay isang pasib na partisipant lamang sa proseso ng pagbasa dahil ang tangintungkulin niya ay ulitin ang lahat ng mga detalyeng nakasaad sa tekstong kanyang binasa. Ang proseso ng pag-unawa ayon sa teoryang ito, ay nagsisimula sa teksto (bottom), patungo sa mambabasa (up), kaya tinawag itong bottom up.

Ayon sa Teoryang Top-Down nabuo ito bilang reaksyon sa naunang teorya. Ito ay impluwensya ng sikolohiyang Gestalt na naniniwalang ang pagbasa ay isang prosesong holistik. Ayon dito, ang mambabasa ay napakaaktib na partisipant sa proseso ng pagbasa, na siya ay may taglay na dating kaalamang nakaimbak sa kanyang isipan ay may sariling kakayahan sa wika na kanyang ginagamit habang nakikipagtalastasan sa may-akda sa pamamagitan ng teksto (Arrogante et. al, 2007). Tinatawag din ang teoryang ito na "inside out" o "conceptually-driven" dahil ang kahulugan o impormasyon ay nagsisimula sa mambabasa patungo sa teksto. Ito ay nangyayari dahil ang mambabasa ay gumagamit ng kanyang mga dating kaalaman at ng konseptong nabuo sa kanyang isipan mula sa kanyang mga karanasan at pananaw sa paligid. Bunga nito, nakakabuo siya nga kanyang mga palagay at hinuha na kanyang iuugnay sa mga ideyang inilalahad ng awtor ng isang teksto (Atanacio et. al, 2009).

Ayon sa Teoryang Interaktib ito ay bunga naman ito ng pambabatikos ng mga dalubhasa sa ikalawang teorya. Ayon sa mga proponent nito, ang top-down at maaaring akma lamang sa mga bihasa nang bumasa at hindi sa mga baguhan pa lamang. Ayon sa teoryang ito, ang teksto ay kumakatawan sa wika at kaisipan. Dito nagaganap ang interaksyong awtor-mambabasa at mambabasa-awtor. Sa teoryang ito, mahalaga ang larangan ng metakognisyon na nahihinggil sa kamalayan at kabatiran sa taglay na kaalaman at sa angking kasanayan ng mambabasa (Belvez, 2004).

Ang Teoryang Iskima ay may mahalagang tungkuling ginagampanan sa pagbasa ng dating kaalaman ng mambabasa. Ito ang batayang paniniwala ng teoryang iskima. Bawat bagong impormasyong nakukuha sa pagbabasa ay naidaragdag sa dati nang iskima. Ayon sa K-12 Reader (2012), ang pag-unawa sa pagbabasa ay isa sa mga haligi ng pagbabasa. Ang pag-unawa sa teksto ay mahalaga sapagkat madali itong nagbibigay ng kinakailangang ideya ng mga bagay na nais mong maunawaan at nais mo ring ibahagi sa mga nangangailangan (Cassanova, 2001).

Natagpuan ni Akbari (2014) sa kanyang pagsasaliksik, ang ilan sa mga problema sa pag-unawa ay nagmula sa kawalan ng gramatika. Ang mga pangunahing tanong sa pagsubok sa pagbasa ay sumasaklaw sa pangunahing ideya, paghahanap ng mga sanggunian, pag-unawa sa mahirap na salita, at

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

paghuhusga batay sa pagbabasa. Ayon sa resulta ng Program for International Student Assement o PISA (2018), ang Pilipinas ang may pinakamababang antas komprehensiyon sa pagbasa. Ang naturang resulta ay patunay lamang na kapos sa pag-unawa sa pagbasa ang ating mga mag-aaral sa Pilipinas at nananatiling suliranin magpahanggang ngayon ng mga guro ayon kay Perez (2019). Ang resultang ito ay nakapagbibigay alarma at masasalaminan ng mas ibayong pagpaplano sa uri ng edukasyong ninanais makamtan.

Mahalagang mabigyan ng pansin ang pagtuturo sa mag- aaral ng pagbabasa at pag- unawa sapagkat ito ay lubhang kailangan sa pagsasagawa ng iba't ibang gawain, mula sa pagsunod sa mga panuto, sa pag- alam sa Sino, Ano, Kailan, Saan at Bakit nangyari ang isang tiyak na pangyayari hanggang sa pakikipagtalastasan tungkol sa kahit na anong unawaan at layunin. Sa simpleng pananananaw, ang pagbasa ay pagpapahiwatig sa pag- unawa at kakayahan sa pag- decode at pag- unawa sa wika (Chua, 2023).

Ang mga nabanggit na pag-aaral sa itaas ang nagbigay inspirasyon sa mga mananaliksik upang maisagawa ang pag-aaral sa isa sa mataas na paaralan ng BCNHS. Isang pag-aaral tungkol sa antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kolaboratibong pagbasa sa asignaturang Filipino. Kasabay nito, nais din ng mananaliksik na matuklasan ang mga bagay na natutunan ng mga mag-aaral gayundin ang mga suliranin na nararanasan sa kolaboratibong pagbasa. Ito ay maging batayan upang mabigyan ng kasagutan ang napakalaking hamon ng kasalukuyang panahon. Dagdag pa nito, ito rin ang maging saligan sa pagmumungkahi ng isang disenyo ng pagtuturo na gumagamit ng kolaboratibong pagbasa sa pagpapalawak ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa pagbasa sa asignaturang Filipino upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang input ay ang antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Grade-8 sa Baguio City National High School. Ang proseso dito ay ang paggamit ng Experimental na disenyo, pagpapamudmod ng questionnaire, paggamit ng statistika at interpretasyon ng datos. Ang output ay ang paggamit ng iba't ibang estratehiya at remediation sa pagpapataas ng antas sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Paradigma ng Pag-aaral

Input	Process	Output
Antas ng pag-unawa at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ng Grade-	Quasi Experimental na disenyo questionnaire statistika Interpretasyon ng datos	-remediation. - Pagsasanay (Pre-Test, Post Test) - Interview - Paggawa ng IMS

Pigura 1: nagpapakita ng interflow ng mga nagamit na variable.

PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na masukat at malaman ang antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral ng Grade 8 ng Baguio City National High School, taong 2022-2023. Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mag-aaral sa pag-unawa sa binasa sa pretest?
2. Ano-ano ang mga suliranin ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa sa post-test?
3. Ano-ano ang pagkakaiba ng pretest at post test sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral?
4. Paano ang pagtanggap sa mga interbensiyon ng mga mag-aaral na ginawa, na makapagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagbasa at pag-unawa?

DISENYO AT PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang kabanatang ito ay tungkol sa disenyong gagamitin sa pag-aaral, ang lugar at populasyon ng pag-aaral, instrumento sa pangangalap ng datos pagbuo pagpapatibay ng talatanungan, paraan sa pangangalap ng datos, at ang pagsusuring istadistika ng pag-aaral.

Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isang quasi experimental na kinakailangan ng pre-test at post-test. Ang pananaliksik ay gumamit ng purposive/convenient

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

sampling. Ang instrumento na ginamit ng pananaliksik upang matugunan ang pag-aaral na ito ay ang suring-basa o pagsusulit sa pagbasa at pakikipanayam para sa focus group discussion. Ginamit ang convenience sampling sa mga tagatugon dahil sa malaki ang populasyon ng mga mag-aaral sa Grade 8. Ang isang eksperimental na pangkat na mga mag-aaral ay binubuo ng 30 tagatugon. Itong eksperimental na pangkat na mga mag-aaral ang nilapatan ng interbensyon sa dahilang marami sa kanila ang nasa antas na frustration ayon sa resulta ng PhilIRI, samantalang ang isang kontroladong pangkat na mga mag-aaral ay may 30 tagatugon ay ginamitan ng karaniwang talakayan at gawaing nakatakda ayon sa karaniwang pagtatagpo.

Lugar at Populasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Baguio City National High School, ikatlong Distrito ng Baguio, sa panuruang taon ng 2022-2023.

Ang tagatugon ng pag-aaral ay mayroong kabuoang bilang ng tatlong daan (300) mag-aaral ng grade 8 na hinati sa dalawang pangkat sa pamamagitan ng 'convenience' method; kung saan, sa tatlong daang mag-aaral na ay namili ng (30) tatlumpung mag-aaral. Sila ay sinubok gamit ang pamamaraang oral, comprehension at word reading. Pinili ang baitang-8 sa Baguio City National High School dahil sila ang pundasyon sa sekondarya. Upang matukoy ang antas ng pagkaunawa, ginamit ng mananaliksik ang pormula: Pag-unawa: Bilang ng mga tamang sagot / Bilang ng mga katanungan x 100 =% pag-unawa. Ang marka sa pag-unawa ay ang bahagdan ng bilang ng mga tamang sagot na hinati sa kabuuang bilang ng mga katanungan sa pagsubok sa pagbasa.

Instrumento sa Pangangalap ng datos

Sa pangangalap ng datos, ang pag-aaaral ay gumamit ng isang pagsusulit na inihanda ng DepEd bilang pangunahing instrumento. Ang nilalaman ng pagsusulit ay nakabatay sa mga kagamitang ibinahagi ng Kagawaran ng Edukasyon, partikular sa asignaturang Filipino. Ang pagsusulit ay nakatuon sa pagbasa at pagunawa ng mga mag-aaral sa kanilang binasa.

Pagbuo at Pagpapatibay ng Talatanungan

Ang nilalaman ng pagsusulit na ginamit sa pag-aaral ay halaw mula sa mga nilalaman ng mga aralin at pagtatayang nagmula sa mga kagamitang pampagtuturo mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Matapos mabuo ng mananaliksik ang pagsusulit, ito ay kanyang unang isinumite sa kanyang propesor, tagapayo, at sa lupon ng tagapagsuri upang higit na masuri, maisaayos, at mapagtibay ang mga nilalaman. Matapos ang

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mabusising pagsusuri at pagsasaayos sa mga nilalaman ng instrumento, ang pinal na kopya ay ginamit ng mananaliksik sa knyang pagpapasagot sa mga tagatugon.

Paraan sa Pangangalap ng Datos

Gayong pinal na ang instrument, ang mga mananaliksik ay unang humingi ng pahintulot mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Baguio Central University upang kanila nang masimulan ang pamamahala ng pagsusulit sa mga tagatugon. Matapos mabigyan ng pahintulot, pinamahalaan at nilikom ng mga mananaliksik ang pagsusulit sa kanyang mga tagatugon.

Ang pamamahala ng pagsusulit sa mga tagatugon ay naganap ng dalawang beses; kung saan ang unang pamamahala ay tumutukoy sa pretest habang ang ikalawang pamamahala nama'y tumutukoy sa post-test. Ang pretest at post test ay isinagawa bago sinimulan ng mga mananaliksik ang kanilang eksperimento sa paggamit ng mga katanungang sumusukat ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Pagkatapos ng pre-test ay gumawa ang mananaliksik ng contextualized intructional materials (IMS) para hasain ang mga mag-aaral sa pag-intindi sa binasa. Nagbigay ng apat na kwentong bayan sa loob ng apat na linggo bago isagawa ang post-test.

Pagsusuring Istadistika ng Pag-aaral

Ang mga datos na nalikom ay maingat na tinipon, itinala, at inilagay sa kani-kanilang talahanayan bilang paghahanda sa tekstuwal na pagpapaliwanag. Sa pagsusuri ng nalikom na datos, ang mga mananaliksik ay gumamit ng kagamitang pang-istadistikang prekwensiya at t-test.

Ang t-test para sa uncorrelated data o one tailed test na mas kilala sa pre-test at post-test method ay ginamit sa pamamagitan ng pormulang nakasaad sa ibaba (Subong, 2005):

Pormula:
Standard Error of Difference Between Means:

$$M_1 - M_2 = \sqrt{(\frac{N_X S_X^2 + N_Y S_Y^2}{N_X + N_Y - 2})(\frac{N_X + N_Y}{N_X N_Y})}$$

T-statistics

$$t = \frac{M_1 - M_2}{sM_1 - M_2}$$

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Narito ang talahanayan na ginamit upang maunawaan ang antas ng pagbasa hango sa Phil-IRI. Ang talahanayan ay nagpapakita ng sumusunod:
Frustration- ito ang pinakamababang antas ng pagbasa

Instructional- ito ang antas sa pagbasa na nangangailangan ng kaunting patnubay ng guro

Independent- ito ang may pinakamataas na antas sa pagbasa na hindi nangangailanagan ng gabay o patnubay ng guro.

READING LEVEL	**READING SPEED**	**COMPREHENSION**
Independent	Fast Reader	
I	70 pataas	
II	100 pataas	90-100% tamang kasagutan
III	120 pataas	8 na tamang sagot
IV	170 pataas	
V	190 pataas	
Instructional	Average Reader	
I	31-69	
II	61-99	75 – 89% tamang
III	91-119	kasagutan
IV	111-139	7-6 na tamang sagot
V	141-169	
VI	161-189	
Frustration	Slow Reader	
I	30 pababa	
II	60 pababa	Mababa sa 75%
III	90 pababa	tamang kasagutan
IV	110 pababa	5 na tamang sagot
V	140 pababa	
VI	160 pababa	

Pigura 2. Kriterya sa Antas ng Pagbasa

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

KINALABASAN AT PAGTATALAKAY

Mula sa mga natipong datos, inilalahad sa kabanata ang kinalabasan ng at pagtatalakay sa pag-aaral.

Antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga Mag-aaral sa grade 8

Inilalahad sa talahanayan 1 ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Grade 8 sa Baguio City National High School ayon sa kanilang mga natamong marka sa kanilang maikling pagsusulit sa pre-test at post test.

Ang resulta ng pre-test, na may mean na 4.03, ay naglalarawan ng mababang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ang post-test mean na 6.13 ay nagpapakita ng significanteng pag-akyat sa resulta, nagtatampok ng pagpapabuti sa kasanayan sa pagbasa. Ito ay nagpapahiwatig na nagtagumpay ang mga mag-aaral sa pag-unlad ng kanilang kakayahan mula sa simula hanggang sa pagtatapos ng pagsusuri. Ang t- test ay may resulta na -5.08, ang negatibong resulta ay nangangahulugang may nagbago sa resulta ng score na inaral dati na nanganaghulugang nagkaroon ng mataas na score ng mga mag-aaral sa post-test dahil sa mga pamamaraan na

Talahanayan 1: Antas ng Pagbasa ng mga Grade 8

Scores		X^2	Y^2
Pre-test (X)	Post test (Y)		
6	7	36	49
5	7	25	49
3	6	9	36
4	8	16	64
4	5	16	25
4	6	16	36
8	6	64	36
2	7	4	49
5	3	25	9
3	8	9	64
4	4	16	16
1	5	1	25
4	7	16	49
6	8	36	64
3	7	9	49
7	6	49	36
2	8	4	64
4	6	16	36
3	5	9	25
4	2	16	4
7	4	49	16
5	7	25	49
6	5	36	25
3	7	9	49
3	6	9	36

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

4	7	16	49
4	7	16	49
3	6	9	36
2	6	4	36
2	8	4	64
∑X=121	**∑Y=184**	**∑X^2=569**	**∑Y^2=1194**
M=4.03	**M=6.13**	**t:-5.08**	

Variance (X) 2.73 Variance (Y) 2.22 SD: 0.413146

ginamit ng mga guro sa pagtuturo at mga ipinakilalang IMS, remedial program, catch-up programs, na isinagawa ng mga guro.

Nangangahulugang may kaugnayan ang paggamit ng Intervention material sa pagpapataas ng iskor sa post test ng mga mag-aaral sa Grade 8, nangangahulugang tinantanggap ang ang Null Hypothesis o Alternate Hypothesis.

Ang kaugnayan ng resulta ng pre-test sa post-test ay mas pinatibay pa ng mga numerong nakuha mula sa variance. Ang resulta ng Variance (X) na may 2.73 at Variance (Y) na may 2.22 ay nagpapakita ng kahalintuladang pag-akyat, na nangangahulugang may pag-unlad sa kabuuang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang mataas na variances na ito ay naglalarawan ng pagkakaiba-iba sa resulta ng bawat mag-aaral, subalit ang pangkalahatang trend ay nagpapahiwatig ng masusing pag-angat ng antas ng pag-unawa sa binasa.

Sa kabuuan, ito'y nagdudulot ng positibong impresyon, kung saan mas maraming mga mag-aaral ang nagpakita ng mataas na antas ng husay sa pagbasa mula sa pre-test hanggang sa post-test. Ang malinaw na pagbabago sa resulta ay naglalarawan ng matagumpay na interbensiyon o pagsasanay, at nag-uugma ito sa mga naunang pag-aaral na may kaugnayan sa resulta ng Phi-Iri.

Ang resulta ng pagsusuri ay may mga mahahalagang implikasyon sa iba't ibang aspeto ng edukasyon. Ang malinaw na pag-akyat ng mean score mula sa pre-test patungo sa post-test ay nagpapahiwatig ng tagumpay sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Ito'y nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga isinagawang interbensiyon o pagsasanay, na nagtagumpay sa layunin nitong mapabuti ang kakayahan ng bawat mag-aaral (Mogea, 2023).

Sa larangan ng edukasyon ayon kay Berrin (2021), ang pag-akyat ng antas ng kasanayan sa pagbasa ay nagreresulta sa positibong epekto sa buong sistema ng edukasyon. Ang mga natamong resulta ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa masusing pagpaplano at implementasyon ng mga programang pang-edukasyon, naglalayong mapaunlad ang kalidad ng pagtuturo sa mga paaralan.

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Nagpapakita rin ang mataas na variance sa resulta ng kasanayan sa pagbasa ng kahalagahan ng pagsasanay at interbensiyon. Ang pagkakaiba-iba ng resulta ng bawat mag-aaral ay nagpapahiwatig na ang personalisadong pagsasanay ay naglalaro ng mahalagang bahagi sa pag-akyat ng antas ng husay sa larangan ng pagbasa.

Sa aspeto ng epekto, ang positibong resulta ng pagsusuri ay maaaring maging dahilan ng mas mataas na antas ng motibasyon sa pag-aaral para sa mga mag-aaral. Ang tagumpay na nakamit sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ay maaaring magsilbing inspirasyon para sa kanilang patuloy na pagpupursige sa iba't ibang larangan ng edukasyon (Aquino, 2003).

Higit pa, ang tagumpay na ito ay maaaring magkaruon ng positibong epekto sa buong sistema ng edukasyon, maaaring magdulot ng inspirasyon para sa ibang paaralan at magkaruon ng implikasyon sa pangkalahatang patakarang pang-edukasyon. Ang suporta mula sa komunidad, lalung-lalo na mula sa mga magulang, guro, at iba pang stakeholder, ay maaaring magkaruon ng masusing pakikilahok, naglalayong magtaguyod ng mas mataas na tagumpay at kahandaan ng mga mag-aaral (Base et. al, 2023). Sa pangkalahatan, ang resulta ng pagsusuri ay naglalaman ng mga implikasyon at epekto na maaaring magdulot ng masusing pagpapaunlad sa sistema ng edukasyon at sa mas mataas na tagumpay ng mga mag-aaral (Sebullen et. al 2023).

Pagsusuri ng Materyal sa Pagtuturo

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng iskor ng mga mag-aaral sa ginamit na *Instructional material o remedial activity* ng mga guro sa pagbasa bago isagawa ang post test. Ito ay naglalaman ng mga kwentong bayan mula sa lalawigan ng Cordillera kung saan mabibilang sa *Indigenous intructional material* ito ay isinagawa sa loob ng apat na linggo upang matukoy ang mga pangagangailangan sa pagbasa. Nagpapakita ang talahanayan ng mataas na resulta base sa nalikom na datos mula sa kanilang gawain. Nagpapahiwatig lamang ito na maganda at epektibo ang mga gawain na isinagawa sa mga mag-aaral.

Talahanayan 2: Pagsusuri ng Materyal sa Pagtuturo

	Score na (0-5)	Score na (6-10)
Mga Katanungan sa Test I	5	45
Mga Katanungan sa Test II	9	41
Mga Katanungan sa Test III	13	37
Mga Katanungan sa Test IV	11	39
Total	**38**	**162**

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang table na ito ay nagpapakita ng distribusyon ng mga scores sa iba't ibang kategorya o range ng mga tanong (0-5 at 6-10) para sa apat na sunod-sunod na pagsusulit: Test I (Decoding), Test II (Inferring), Test III (Comprehension), at Test IV (Critical Thinking). Sa pagsusuri ng bawat kategorya, lumalabas ang sumusunod na resulta: Sa Test I (Decoding), ang nakararaming mag-aaral ay nakakuha ng mataas na marka sa score range na 6-10, kung saan nasa ganitong category ang 45 na tanong. Samantalang ang bilang ng mga nagkaruon ng mababang score (0-5) ay mababa lamang na 5.

Sa Test II (Inferring), may nakikitang pataas na trend ng mababang score (0-5) na umabot ng 9, subalit mas maraming mag-aaral ang nakakuha ng mataas na score (6-10) na may 41 na bilang. Sa Test III (Comprehension), napapansin ang patuloy na pag-akyat ng mababang score (0-5) na umabot ng 13, at mas kaunti ang nakakuha ng mataas na score (6-10) na may 37 na bilang. Sa Test IV (Critical Thinking), kita ang muling pag-akyat ng mababang score (0-5) na umabot ng 11, at mas maraming mag-aaral ang nakakuha ng mataas na score (6-10) na may 39 na bilang.

Sa pangkalahatan, ang nakakagambala na bilang ng mababang score (0-5) sa Test III ay maaaring magdulot ng pag-aalala hinggil sa pangkalahatang kakayahan sa pag-unawa ng binasa. Sa kabilang banda, ang mataas na bilang ng mataas na score (6-10) sa Test II ay nagpapahiwatig ng magandang kakayahan sa pag-iinfer at masusing pag-unawa sa teksto.

Ang pagiging karamihan ng mga mataas na score (6-10) ay maaaring magdulot ng positibong implikasyon hinggil sa pangkalahatang pag-unlad ng mga mag-aaral, nagpapahiwatig ng masusing pagtutok sa mga aspeto ng pagsusuri na naglalaman ng inferential reasoning at kritikal na pag-iisip. Sa kabilang dako, ang pagtaas ng mababang score (0-5) sa Test III (Comprehension) ay maaaring magtakda ng pangangailangan para sa karagdagang suporta o pagtutok sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pangunawa ng binasa. Ang pangkalahatang impact nito ay maaaring magkaruon ng epekto sa disenyo ng kurikulum at mga estratehiya ng pagtuturo sa hinaharap.

Sa bawat problema ay may kaakibat na solusyon. Makabuluhan ang paghasa ng kakayahan sa pagbasa. At matugunan ang mga problema nito. Natutunan ng mga iilang mga gurong mambabasa ang pagbibigay-diin sa sitwasyon sa pagbasa. Ito ay makabuluhang paraan upang mas makabuo ng maayos na plano sa programa. Inihayag ni Veerabudren, (2021) na sa kabila ng kahalagahan na inilalagay sa maagang pagkakakilanlan ng kahirapan sa pagbasa sa mga mag-aaral ang panawagan sa mga guro ng wika ay mahalaga upang mapatupad ng mga estratehiya upang makatulong sa mga mag-aaral sa paglinang ng pagbasa (Sebullen, 2023).

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang pagkakaroon ng mga paraan o programa sa pagbasa ay magsisilibing gabay sa mga gurong mambabasa upang mas maipatupad nang wasto at tama ang pagpapabasa sa mga mag-aaral. Mapapalakas din nito ang katagumpayan sa kognitibong kakayahan sa pagbasa kapag ang bawat mag-aaral na hindi nakababasa ay malinang ang kasanayan sa pagbasa (Antonio et. al , 2005). Sa tulong ng mga ipinapatupad na IMS. Nagagabayan ang mga mag-aaral na mahina bumasa. Umusbong ang mga positibong tugon ng mga ibang gurong mambabasa tungkol sa programa ukol sa pagbasa tulad ng programang GAP bilang tugon sa panawagan ng kagawaran na Catch Up Program. Ayon kina Schein, et al., (2023) ang pagbasa ay nakatulong sa bata na bumasa sa tulong ng iba-ibang pamamaraan o plataporma at ng kani-kanilang mga magulang. Samakatuwid, nakapokus ang programa sa pagbasa sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral (Filderman, et al., 2022)

Sa tahanan, dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak na magkaroon ng interes sa pagbasa sa pamamagitan ng maayos na babasahin. Ang mga magulang ay dapat magkaroon ng bukas na komunikasyon. Dapat nilang tiyakin ang pagbibigay ng sapat na mga paunang libro at gantimpala na aakma sa kanilang mga anak para sa kaayusahan ng kakayahan sa pagbasa (Veerabudren, 2021).

Ayon kay Gao, (2023) nakatulong ang interes at motibasyon ng bata upang mailalapat niya ang kanyang naiintidihan sa binasa sa kanyang pang-araw-araw na pakikibaka at pakikisalamuha sa buhay.

Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng panahon sa pagbasa ay mas mabibigyan ng tuon at pansin ang mga mag-aaral na ngangailangan ng tulong sa paghasa sa pagbasa. Ang kakulangan ng panahon ay nagbubunga rin ng iba pang mga suliranin tulad ng may mga bata na nagmamadaling umuwi, may mga trabaho, at mga gawain pang naka-atang sa mga mag-aaral sa lahat ng asignatura. Bawat mag-aaral na naglalaan ng oras para sa ang pagbasa nang mas maaga bago ang araw ng klase ay mas lamang na makumpleto ang mga pagbabasa kaysa sa mga inilalaan ang oras sa araw ng klase.

Mapapanatili ang pagpapaunlad ng programa sa pagbasa kapag ito'y patuloy na pinapalaganap at nililinang. Ang pagsuporta at pagpaplano ng programa sa pagbasa ay magandang simulain sa pagpapatupad nito. Ganoon pa man, naniniwala ang mga guro na ang pagtutulungan sa pagpaplano ng pangkaraninwang oras sa pamamagitan ng programa ay makikinabang ang pangkalahatang pagpapatupad ng programa.

Ang paglikha ng isang kulturang sa literasiya sa pagbasa at pagsulat ay nagsisimula sa pagpapatupad ng isang malakas at napapanatiling plano sa pagbasa. Kung kaya, ang mga naatasan sa pagbasa ay dapat bumuo ng isang pangmatagalan at konkretong teknik na naaangkop at tumutugon sa lahat ng

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

mga pang-akademikong pangangailangan ng mga mag-aaral ay binanggit nina Adilbayeva et al., (2022)

Ang kawalan ng interes ng isang mag-aaral ay isang malaking kahinaan rin sa pagpapatupad ng programa sa pagbasa. Ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ay magiging tulay at gabay upang matupad ang mga mithiin. Tinalakay nina Alfatihah at Tyas, (2022) na lumitaw ang partikular na pangangailangan ng isang indibidwal sa pamamagitan ng pagbasa. Ang interes ng pagbasa ay nagmumula sa isang pangangailangan upang makakuha ng impormasyon tungkol sa paligid at konteksto ng indibidwal. Pinapayagan ng pagbasa ang mga tao na mangalap ng impormasyon tungkol sa mga karanasan na kanilang napagdaanan. Nakakuha sila ng mga paliwanag para sa mga bagay na maaaring malito ang mga ito. Samakatuwid, mula sa pagbabasa, nabawasan ang pagkalitong nakapaligid sa anumang sitwasyon at nakapagtugon nang naaangkop sa iba't ibang panahon ang mag-aaral. Ang interes sa pagbasa ay nagmumula sa iba't ibang mga pangangailangan. Ang kakulangan ng interes ay nakaaapekto sa mithiin ng pagpapatupad ng programa sa pagbasa gayundin ang pagiging mahiyain nito. Dagdag pa, ang pagkakaroon ng interes sa pagbasa ay nakatutulong upang mas mahasa ang kasanayan sa pagbasa nang may pang-unawa. Ang sentro ng Pagbasa ay magsisilbing daluyan sa mabuting pagpapabasa. Nakapupukaw ito ng damdamin sa mambabasa (Fradila at Sunarti, 2022).

Patuloy na gabayan ang mga mag-aaral. Isa sa mga makabuluhang kasangkapan sa pagpapatupad ng programa ay ang pagtaguyod sa kanilang kakulangan. Upang matugunan ito, kinakailangan ng suporta tulad ng pagbibigay nang maaga ng mga babasahin. Dagadag pa, ang pagkakaoon ng reading buddy na umaalalay sa piling mag-aaral sa pagpapabasa. Mahalaga ang gampanin ng buddy dahil humihikayat din ito sa pagpapaunlad ng interes ng mag-aaral (Ridley et al., 2022)

Malaking tulong ang panghihikayat ng gurong mambaba sa mga magulang ng mga batang nangangailangan ng tulong sa pagbasa. Ang pagpapalakas sa loob ng bawat mag-aaral na magbasa ay lalong maging makabuluhan kung ang mga magulang ay palaging nariyan na nagsabing himuking maging masigasig na mambabasa ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggabay ng mga magulang. Hindi man ito isang madaling layunin datapwa’t kailangang mapanatili ng mga guro ang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang interes at antas ng kakayahan sa loob ng parehong klase. Gayundin, ang mga paaralan ay kailangang magpatupad ng isang programa sa pagsulong sa pagbasa at gagawing aktibong karanasan ito ng mga mag-aaral kasabay ang mga magulang.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Sa pag-aaral nina Decristan, et al., (2023) ipinapakita na ang isang interbensyon sa bahay ng pagbasa ay isang makabuluhang paraan upang mapabuti ang katatasan at kawastuhan ng kasanayan ng bata. Ang mga magulang sa pag-aaral na ito ay nakatanggap ng walang espesyal na pagsasanay sa pagbasa kasama ang kanilang mga anak upang matulungan na makilala ang mga hindi kilalang salita. Sa kabila ng kakulangan ng pagsasanay, lahat ng mga magulang ay nakikibahagi sa pagbasa sa kanilang mga anak.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabanatang ito, inilahad ang mga kongklusyon at rekomendasyun batay sa pagsusuri, pagpapakahulugan sa mga datos at mga rekomendasyon sa pag-aaral ayon sa mga natuklasan batay sa mga karanasan at natutuhan.

KONGKLUSYON

Batay sa mga nakalap na resulta ang mga mananaliksik ay nakabuo ng mga sumussunod na konklusyon.

1. Makikita ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa sa pamamagitan ng mga gawain o Instructional materials na ibinibigay ng mga guro.
2. Mangibabaw ang positibong resulta ng mga tagatugon sa pamamaraang nagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa.
3. Nagagabayan ang mga mag-aaral sa pagpabasa, at naging makabuluhan ang pagpapakilala sa programang makakatulong sa kanila.
4. Isa sa mga kalakasan ng programa sa pagbasa ay ang pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa gamit ang iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo.

REKOMENDASYON

Mula sa mga konklusyon nabuo, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihaharap:

1. Ang mga mag-aaral ay mataas ang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa sa pretest. Kailangang pagtuunan ng mga guro ang patuloy na paggabay sa kanila para sa pagtuturo ng mga bagong kasanayan sa pagbasa.
2. Sa post-test, may ilang suliranin sa pag-unawa sa binasa ang nakita sa ilang mag-aaral. Ang mga guro ay gumamit ng iba't ibang pamamaraan tulad ng Catch-up program, remedial class, at Gap Program para hikayatin ang mga mag-aaral na magbasa.
3. Ang pagkakaiba ng pretest at post-test sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng mas mataas na resulta sa post-test. Mahihinuha na epektibo ang mga programa sa pagbasa tulad ng Catch-up program, remedial class, at Gap program.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

4. Tinanggap nang maayos ng mga mag-aaral ang mga interbensiyon, na nagresulta sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa. Ang mga gawain na ito ay nakakakuha ng interes at katanungan mula sa mga mag-aaral, nag-iwan ng kakintalan at mahahalagang aral sa kanila.

MGA INSTRUCTIONAL MATERIALS NA GINAMIT SA PAGBASA

Si Gabinang Makati
Kuwento ng mga Ibaloi ng Cordillera

Isang maaliwalas na umaga sa hardin ni Lola Kot-ing ay nagkakatuwaan ang mga gulay. Nakikipaglaro si Pitsay Taraki sa mga bubuyog, sumasayaw si Sayotita, at sa gitnang kama ng hardin ay naglalaro ng boksing sina Papas Makupag at Repolyo Maskulado. Sa kanang bahagi naman nito ay naroon sina Lasona Bangdo at Gabina na maingay na nagpapaligsahan sa pagkanta.

Isang araw ay may mga dumating na bisita si Lola Kot-ing. Naghanda siya ng pinikpikan ngunit naalala niyang mahilig sa gulay ang mga ito. Pumunta siya sa kanyang hardin at nanguha ng pechay, repolyo, sayote at lasona bilang pandagdag sa kanyang iniluto. Naghukay rin siya ng patatas para gawing tinimpak (keyk na patatas). Naghihintay si Gabina na kuhanin siya ng amo ngunit nilampasan lang siya ng matanda. Nalungkot si Gabina at lalo pang sumama ang loob niya nang marinig ang pagkantiyaw ng mga kasamang gulay, “Hindi ka na gusto ni Lola Kot-ing, kami lang ang paborito niya” sabi nila. Lumipat siya sa dulo ng kama ng hardin at doon ay umiyak nang umiyak dahil sa pag-aakalang wala na siyang silbi bilang isang gulay. Lingid sa kanyang kaalaman ay inilalaan siya ng matanda para sa isasagawang cañao sa susunod na linggo.

Ngunit si Gabina ay nalungkot ng ilang araw at napabayaan niya ang kanyang sarili dahil sa sobrang pag-iisip ng hindi maganda. “Dati, gustong-gusto ako ni Lola, ngayon hindi na ako paborito, pahagulgol niyang sabi”. Isang araw bago ang pagdaraos ng cañao ay nagpunta si Lola Kot-ing sa hardin para kunin si Gabina. Nagulat ang matanda nang makita ito. “Anong nangyari sa iyo, nangayayat ka na at umitiim pa ang balat mo, bulalas ng matanda. Gayunpaman ay binungkal niya pa rin ito at hinugasan, pagkatapos ay iniluto at inihain sa mga tao.

Pagkaraan ng ilang minuto ng pagnguya-nguya sa gabi ay biglang nag-ingay ang mga tao. “Gabi ba ito, bakit ibang iba na ang lasa, makati sa dila at lalamunan”? sabi nila. Ang ilan ay idinura ito at uminom ng tubig para maibsan ang kati.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Aral: Lahat ng nilalang ng Diyos ay may silbi at mayroon din siyang partikular na plano sa bawat buhay ng tao. Iwasan natin ang sobrang pag-iisip ng negatibo at alagaan natin ang sarili dahil ang buhay ay mahalagang regalo.

Pag-unawa sa Binasa

Narito ang mga katanungang susukat sa inyong pag-unawa sa kuwentong binasa.

_____ 1. Bakit sumama ang loob ni Gabina?

a. Hindi siya inani ni lola Kot-ing kasabay ng kaibigang gulay
b. Ayaw niyang mapag-isa
c. Hindi siya dinidiligan ni lola Kot-ing
d. Kinantiyawan siya ng mga kaibigan na hindi siya gusto ng amo

_____ 2. Ano kaya ang nangyari kay Gabi kung hindi siya nag-isip ng negatibo sa hindi pagkuha sa kanya ni lola Kot-ing?

a. siguro ay nalungkot siya nang sobra
b. maaari gumanda ang kanyang dahon
c. siguro ay kinain siya ng mga uod
d. baka hindi naging makati ang kanyang lasa

_____ 3. Ano sa palagay mo ang dahilan at nagbago ang lasa ni Gabi?

a. hindi ito nalagyan ng pampalasa
b. maaaring hindi ito naluto nang mabuti
c. siguro ay nasobrahan niya ang pagsasanay sa pagkanta
d. baka ito ay bunga ng kanyang kalungkutan at pag-iisip ng negatibo

_____ 4. Paano inilarawan ng mga tao ang lasa ng gabi sa cañao?

a. masarap b. makati c. matamis d. maasim

_____ 5. Alin ang mensahe ng kuwentong nabasa?

a. Laging mag-isip nang malalim para malaman kung ano ang dapat gawin.
b. Ang sobrang pag-iisip ay nakasisira sa mental health ng isang tao kaya mas maiging maging positibo sa lahat ng pagkakataon.
c. Huwag makipagkaibigan sa mga taong mahilig makipagbiruan.
d. Kumain ng masustansiya para luminaw ang pag-iisip.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Ang Multo ni Katayaw

Kuwentong Ibaloi ng Cordillera

Ang-ngel, ito ang tawag ng mga Ibaloi sa multo. Sa tuwing magpapasaway kaming magkakapatid, tinatakot kami na kukunin daw kami ni Katayaw. Isang gabi, pinalabas ng tatay ko si Kuya, sabay sigaw ng malakas na... "Tamala si Katayaw" ("Nandiyan na si Katayaw") Naaalala kong umiiyak namang kinakalampag ni kuya ang pinto. Sa paglaki namin, tinanong ko si nanay kung sino si Katayaw na ginawang panakot sa amin noon. Ito ang kanyang kuwento, ngunit mas makabubuting basahin muna ang kahulugan ng mga nagamit na salitang Ibaloi sa akda para mas maintindihan ang kuwento.

Adoyun/adoyunan*-bayanihan*
Nangiyow*-nangahoy*
Na-wang*-pagpunta sa taniman*
Um-ma*-taniman ng iba't ibang gulay gaya ng kamote at gabi habang pinapausukan sa ilalim ng dahoon ng bayabas*
Sengchal*-pagpapaupo sa namatay*
Ba-diw*-day-eng*

Si Katayaw ay isang higanteng lalaki na nakatira sa pinakamalamig na bahagi ng Benguet. Sa kanilang pamilya, tanging siya at ang kanyang ama ang
lumaki at tumangkad ng sobra. Dahil sa laki at lakas na taglay ni Katayaw ay malaki ang kanyang pakinabang sa adoyunan ng mga magsasaka sa kanilang lugar. "Tawagin natin si Katayaw para tumulong sa pag-ani at pagbuhat", sabi ng mga matitipunong kalalakihan. Napagagaan at napabibilis lagi ang kanilang trabaho. Sa ilang oras lamang ay nabubuhat at nadadala niya ang isang libong kilo ng patatas, isang libong kilo ng repolyo, limandaang kilo ng karot, limandaang kilo ng labanos at marami pa. Mabilis din ang paglalagay ng poste ng alambre na kinakapitan ng malalawak na taniman ng sayote kung siya ang tinatawag na magtrabaho rito.

Sa hindi inaasahang pangyayari ay nagkasakit at namatay ang kanyang ama. Nang mabalitaan ito ng mga tao ay kaagad silang nag-adoyun. *Nangiyow* ang mga kalalakihan at ang ilan ay nagkatay ng baboy at baka. *Na-wang* naman ang mga kababaihan sa um-ma para manguha ng kamote at gabi. "Kayong mga bata, manguha kayo ng maraming dahon ng bayabas", utos ng mga nanay sa kanilang mga anak at agad tumalima ang mga ito.

Pinaliguan nina Katayaw ang bangkay ng kanilang ama ng asin at tubig na pinaglagaan ng dahon ng bayabas. Pagkatapos ay nagtulungan ang mga kalalakihan sa pagbuhat nito para i-sengchal. Napagod sila ng sobra sa pagbuhat at pagsasaayos ng bangkay para mapaupo dahil malaking lalaki ang

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

namatay. Nagsipagdala ang sinomang pamilyang nakapaghanda ng masarap na tapuey sa bahay ng namatay. Mula bata hanggang sa matanda ay umiinom nito. “Kalajo, man-inom ni tapuey”, sabi ng pinakamatanda sa kanila. Sila ay umawit ng ba-ddiw at nag-sarong. Pagkatapos ng libing ng ama ni Katayaw ay sinabihan silang magkakapatid na lalaki na huwag ipaputol ang buhok ng isang taon bilang paggalang sa namatay na ama. Sabi ng mambunong ay magbibigay rin
ito ng suwerte sa kanila. Lumipas ang isang taon, maaari nang magpagupit si Katayaw at ang mga kapatid. “Katayaw, mas bagay mo ang iyong mahabang buhok dahil malaki kang lalaki”, sabi ng mga kababaihan. Dahil dito ay hindi na siya nagpagupit at pinahaba pa ang buhok.

Isang araw, mag-isang nangahoy si Katayaw sa matarik na bundok. Nakapasan siya ng malalaking sanga ng kahoy. Sa kanyang pagmamadali ay nawalan siya ng balanse at madudulas sana siya ngunit naisabit at naipulupot ang kanyang mahabang buhok sa sanga ng kahoy. Sinubukan niya itong tanggalin ngunit nahirapan siya. Binunot niya ang itak at pinutol ang sanga ngunit huli nang mapagtanto niya na mahuhulog na siya sa bangin. Natagpuan ang kanyang bangkay na nakapulupot pa rin ang kanyang buhok sa sangang naputol. “Sinubukan siyang iligtas ng buhok ,sabi ng pinakamatandang lalaki”. Dahil nabubulok na ang kanyang bangkay, hindi na siya nai-sengchal. Mula noon ay naririnig ang pag-iyak at pagtaghoy ng kaluluwa ni Katayaw sa kabundukan kung saan siya gumagala. Sa mga kalalakihang Ibaloi na namatayn, ipinagpatuloy naman ang pagsunod sa tradisyong hindi pagpapaputol ng buhok ng isang taon.

Narito ang mga katanungang susukat sa inyong pag-unawa sa kuwentong binasa.

1. Bakit laging tinatawag ng mga magsasaka si Katayaw?
a. siya ay mabilis lumakad at tumakbo
b. siya ay guwapo at mabait na bata
c. siya ay malakas magtrabaho kaya mabilis na natatapos ang trabaho
d. siya ay nagtatrabaho nang maayos at nagpapabayad lang nang kaunti

2. Anong kaugalian ng mga Ibaloi ang ipinakita tungkol sa mga namatay?
a. pangunguha ng kahoy sa gubat
b. pagtatrabaho sa bukid kahit may namatay
c. Pagsasagawa ng sengchal- ito ang pagpapaupo sa mga namatay
d. pagpapausok ng dahoon ng bayabas sa namatay bago ilagay sa kabaong

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

3. Anong magandang tradisyon ang ipinakita ng mga Ibaloi sa kuwento?
a. pagtutulungan-ito ang adoyunan o bayanihan
b. pagtatanim ng gulay sa bukid anomang oras
c. hindi pagpapagupit ng buhok hanggat sa gusto
d. pagsasayaw ng tayaw at sarong kahit saang lugar

4. Ano sa palagay mo ang dahilan at umiiyak ang multo ni Katayaw?
a. siguro ay natatakot siyang mag-isa sa gubat
b. baka natutuwa at may oras siya gumala sa gubat
c. maaaring nagsisisi siya sa pagputol sa sanga kung saan nakapulupot ang kanyang buhok, buhay pa sana siya.
d. siguro ay nais niyang muling mabuhay para maghiganti sa mga taong nang-api sa kanya.

5. Anong kaugalian ang sinusunod ng mga lalaking Ibaloi na anak ng namatay?
a. hindi pag-aasawa
b. hindi pag-aaral ng kolehiyo
c. hindi pagpapagupit ng isang taon
d. hindi pagpunta sa bundok ng isang taon

Kumahol ang Aso at Naghilamos si Pusa
Kuwentong Ibaloi ng Cordillera
Isinulat ni Marilyn Olesio

Noong unang panahon ay may mag-asawang makakapal ang palad. Sila ay sina Palongyas at Mara-ni. Si Mara-ni ay napakagandang babae ngunit napakamahiyain. Nakatira sila sa isang bahay na kahoy sa tahimik na bundok kasama ang kanilang alagang aso, at pusa. Ngunit ang tahimik na bundok na ito ay naging maingay dahil sa sunod-sunod na panganganak ng babae. Noon ay wala pang diaper kaya gumagamit si nanay Mara-ni ng lampin na mula sa tela ng sako ng harina. Wala ring baby wipes kaya sinisigurado ni tatay Palongyas na marami ang tubig sa bahay. Para sa mayayaman lamang ang pagbili ng gatas ng bata, kaya kailangang magsikap si nanay Mara-ni na magpasuso ng kanyang gatas. Maliliit pa ang mga magkakasunod na bata, maya't maya ay may umiiyak dahil nangangailangan ng pagkalinga.

Ang dating masinop na loob ng bahay ay mistulang binabagyo. Sa kama ay naroon ang mga takip ng kaldero na binabatingting, pati ang mga lalagyan ng tubig ay nagkalat sa kung saan-saan. Sa sulok ay nakasalansan ang gabundok na labahan kaya kung minsan ay ginagawa itong islayd ng mga bata, dumadausdos sila rito hanggang sa ito ay maikalat-kalat.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

cognizancejournal.com
ZUZZETTE MENCHU ACLINEN *et al*, Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, Vol.3, Issue.12, December 2023, pg. 319-345
(An Open Accessible, Multidisciplinary, Fully Refereed and Peer Reviewed Journal)
ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

Maliban sa trabaho sa bahay ay malugod ding sumasama si nanay Mara-ni sa asawa sa hardin para tumulong sa paglilinis, pag-aani,pagtatanim at iba pa. Isinasama nila ang kanilang mga anak pati ang mga aso at pusa. Masaya ang mga bata pati ang mga alaga dahil malaya silang nakakapaglaro. Naglalaro sila ng kastilyong lupa, lutu-lutuan ng mga gulay at dumadausdos sila sa mataas na bahagi ng lupa. Bago dumilim ay umuuwi ang mag-anak.

Isang araw, naiwan si tatay Palongyas sa hardin at maagang umuwi ang mag-iina, wala pang kalahating oras ay dumating si Pitang, ang kanyang biyenan. Nakita niya na nanlilimahid sa dumi ang kaniyang mga maliliit na apo, makalat din ang buong bahay . “Ano ba naman iyan Mara-ni, ano ang ginawa mo sa maghapon at hindi mo man lang pinaliguan ang mga apo ko?” “Pati itong bahay, parang tirahan ng baboy”. Hindi na umimik si Mara-ni at tahimik at dahan-dahan siyang nagligpit. Isa-isa rin niyang pinaliguan ang mga bata. Nang sumunod na araw ay may mga sorpresa silang bisita. Ang naiayos niyang bahay ay muling nagkalat dahil sa paglalaro ng mga maliliit na bata. “Ang kalat ng bahay, tamad kasi ang nanay, tingnan mo ni hindi man lang nagsuklay.”sabi ng isang babae. Narinig ito ng kanilang alagang pusa at aso,
naawa sila dahil nakikita nila kung gaano kasipag si nanay Mara-ni. Nag-isip sila ng paraan kung paano nila matutulungan ang amo.

Sa tuwing may paparating na bisita, malayo pa lamang ay kumakahol ang aso at naghihilamos nang naghihilamos ang pusa. Noong una ay hindi nauunawaan ito ng pamilya ngunit isang araw, panay ang hilamos ng pusa na parang sinasabi nito na maghilamos din sila. Kumahol ang aso, ibig sabihin ay may paparating. Naghilamos nga sila at naglinis ng katawan sabay ayos sa mga kalat. Nagulat ang biyenan nang madatnang malinis ang mga bata at maayos din ang bahay. Mula noon, kapag naghihilamos ang pusa, may sisigaw sa bahay ng, “ Wara’y unmutok ja bisita tayo”! (May darating na bisita!)

Narito ang mga katanungang susukat sa inyong pag-unawa sa kuwentong binasa.

1. Bakit daw kumakahol ang aso at naghihilamos ang pusa?
a. para magdaos ng cañao ang pamilya
b. para sabihing wala sa bahay ang mga amo
c. para turuang maglaro ang mga bata
d. para tulungan ang mga amo na makapaghanda sa pagdating ng bisita
2. Ano ang totoong katangian ni Mara-ni?
a. masipag at maasikaso
b. tamad at burara
c. maasahan kahit pangit

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

d. maganda ngunit iresponsable

3. Paano nabubuhay ang pamilya?
a. sa pamamagitan ng pagbubukid
b. sa pamamagitan ng pangangahoy
c. sa pamamagitan ng pangingisda
d. sa pamamagitan ng pagnenegosyo

4. Paano hinusgahan ng mga tao si Mara-ni?
a. sa pagsasabing siya'y magandang maganda
b. sa pagsasabing siya'y tamad dahil makalat ang bahay at hindi nagsusuklay
c. sa pagsasabing siya'y mayaman kaya nagkaanak ng marami
d. sa pagsasabing pabaya siyang asawa

5. Ano ang mensahe ng kuwentong binasa?
a. Huwag sabihing tamad ang isang tao kahit ito naman ay totoo.
b. Mag-aral nang mabuti para yumaman at mabili lahat ng gusto.
c. Huwag manghuga ng kapwa lalo kung hindi alam ang buong detalye ng kanyang buhay.
d. Maging masipag para makapag-asawa ng taong masipag din

Ang Alamat ng Kamote, Kabute at Gabi

Kuwentong Ibaloi ng Cordillera

Masayang namumuhay ang isang mag-anak sa Kordilyera. Napakasipag ng mag-asawang Bitoy at Luisa kaya malawak ang kanilang taniman ng gulay at bulaklak. Silay' biniyayaan ng tatlong anak na masayang tumutulong sa lahat ng gawain sa bahay man o sa bukid. Sila ay sina Dukto,Aba at Bo-o na masisipa at matulungin sa iba. Minsan ay nagkarooon ng malakas na lindol. Marami ang nawasak ang bahay at nasira ang pananiman. Naawa ang tatlong magkakapatid at napagkasunduang ibahagi lahat ng kanilang mga naani. Nagpasalamat ang mga tao sa kanila.

Bumabangon pa lamang ang mga tao sa nagdaang lindol ay dumating ang isang napakalakas na bagyo. Sinira ang lahat ng pananim. Pagkaraan ng ilang Linggo ay nagutom ang mga tao. Tumulong ang mag-anak ngunit tumagal ang taggutom ng ilang buwan. Humingi ulit ng tulong ang mga tao sa kanila ngunit hindi na rin sumasapat ang naibibigay na tulong. Nanalangin ang mga tao ngunit tila hindi sila pinakikinggan ni Kabunyan. Maraming tao ang nagkasakit at nangamatay. Dahil dito ay nanalangin ang magkakapatid at

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

sinabing, “Iaalay po namin ang aming mga sarili,matulungan lamang ang mga tao”.

Sa hindi maipaliwanag na pangyayari ay naglaho ang tatlo. Hinanap sila ng ng mga tao lalo na ng mga magulang na sina Bitoy at Luisa. Isang araw , naghahanda ang mag-asawang Bitoy at Luisa para hanapin sa Bundok ang mga
anak nang may napansin silang dalawang magkatabing naiibang halaman. “Ngayon lang ako nakakita ng ganitong halaman”, sabi ni Luisa. Isang gabi ay umulan, kumulog at kumidlat.

Natakot ang mga tao dahil sa pag-aakala nilang nagagalit ang diyos sa kanila. Nagulat sila at sa tabi ng dalawang kakaibang halaman ay naroon ang nagkalat na kakaibang kabute na parang bola. Nagtaka ang mag-asawa sa mga nakita ngunit mas nagulat sila nang marinig ang mahinang tinig na nagsasabing, Nanang, Tatang, Sikami sod Dukto, Aba tan Bo-o, intenneng nen Kabunyan I shawat min untulong ni totoo isunga pinanbalin shakamin mekan (Nanay, Tatay,kami ito, sina Dukto,Gabi at Bo-o,dininig kami ni Kabunyan kaya ginawa kaming pagkain, kuhanin ninyo kami at iluto, pagkatapos ay ibahagi sa mga tao,”sabi nila. Kahit nangingig ang mag-asawa sa pagkagulat ay tumalima sila sa sinabi ng mga anak.

Iniluto nila ang mga ito at ibinahagi sa mga tao. “Napakasarap ng mga pagkaing ito, maraming Salamat,” sabi nila. Mula noon ay nagtanim at nagtanim ang mga tao ng kamote at gabi kaya hindi na sila muling nagutom. Hinihintay din nila ang pagtubo ni Bo-o tuwing kukulog at kikidlat sa kalangitan at silang lahat ay nagpasalamat sa kadakilaan ng magkakapatid. Ipinangalan sa kanila ang bagong pagkain na Dukto-kamote, Aba-gabi at Boo na isang uri ng kabute.

Pag-unawa sa Binasa

Isulat ang letra ng napiling sagot sa patlang bago ang bilang.

1. Saan ang tagpuan ng nabasang kuwento?

a. Kordilyera b. Amerika c. Maynila d. Mindanao

2. Ano ang ibig sabihin ng Dukto, Aba at Bo-o?

a. dukto-kamote, aba-gabi at boo- isang uri ng kabute.
b. Dukto-ube, aba-talbos, bo-o-bola
c. Dukto-kamote, aba-harina, bo-o-bao ng niyog
d. Dukto-gabi, aba-kamote, bo-o-kabute

3. Ano ang katangian ng tatlong magkakapatid na maaari mong tularan?

a. Mahiyain ngunit masiyahin
b. Matulungin at maalalahanin sa kapwa
c. Mapagpakumbaba at masipag magpayaman

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

d. Tamad ngunit okey lang dahil sila'y mayaman

4. Ano kaya ang nangyari sa mga tao kung hindi inialay ng magkakapatid ang kanilang sarili?

a. Maaaring namatay ang mga tao sa gutom
b. Maaaring nagtampo ag mga tao sa magkakapatid
c. Maaaring bumuti ang kalagayan ng mga tao

5. Anong sawikain ang maaaring maiugnay sa pagiging masipag ng mga magulang pati ng mga anak?

a. Kung ano ang puno ay siya ang bunga
b. Ang lumalakad ng matulin, kung lumakad ay matulin
c. Habang maiksi ang kumot, magtiis mamaluktot
d. Aanhin mo ang damo kung patay na ang kabayo

Sanggunian

1. Abad, Marieta at Priscilla C. Ruedas. (1995) Filipino Bilang Tanging Gamit sa Pagtuturo. Quezon City: National Book Store
2. Alcantara, Rebecca D., Josefina Q. Cabanilla, Felicidad D. Espina at Aracela M. Villamin. (2003) Teaching Strategies 1 Third Edition. Makati City: Katha Publishing Co., Inc.
3. Aquino, Fe O., Consuelo C. Callang, Herminia S. Bas at Crisologa B. Capili. (2001) Sining ng Komunikasyon. Quezon City: NationAL Book Store, Inc.
4. Aquino, Gaudencio V. (1988) Principles and Methods of Teaching. Valenzuela, Metro Manila: National Book Store Inc.
5. Aquino, Gaudencio V. (2003) Effective Teaching Third Edition. Mandaluyong City: National Book Store Inc.
6. Base, A. P., De Guzman, A. M., Killa, M. T., Lumbiag, J. R., Lunag, J. L., Pascaden, P. B., & Sebullen, M. T. (2023, August 11). Salik Sa Pagtuturo NG Filipino Sa Elementarya: Isang Pagsusuri Sa Lungsod NG Baguio. ZAIN Publications. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(11), 9–18. https://doi.org/10.47760/COGNIZANCE.2023.V03I11.002
7. Kidlo, R. B., Winnie, P. S., Orowan, N. N., Orie, B. M., Tubao, L. C., & Sebullen, M. T.
8. (2023). Evaluating DEAR and BAG-IW for elementary grade learners' reading comprehension: Action research. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies 3(11), 246-258. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i11.017
9. Arrogante (2007). Pagbasa at pagsulat. Rex Bookstore.
10. Arrogante (2007). Pagbasa at pagsulat tungo sapananaliksik. National Bookstore.
11. Arrogante, M., Aquino, T. Ruiz, G, (2003). Pinaunlad na pagbasa at pagsulat. National Bookstore.
12. Antonio, et al. (2005). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananatikslk.C & E Publishing Inc.
13. Astorga (2010). Pagbasa, pagsulat, at pananaliksik Filpino 2. Mindshapers Co. Inc. Manila.
14. Atanacio, et. al. (2009). Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik.
15. Banawe (2015). Mga pagsubok sa pag-unawa ng maikling kwento ng mga mag-aaral sa Tawangan - Lusod National High School. Di Nalathalang Tesis. Baguio Central University, Lungsod ng Baguio.
16. Belvez (2004). Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina. Rex Bookstore.
17. Belvez, et al. (2003). Sining ng komunikasyon pangkolehiyo. Rex Bookstore.
18. Bernardo, A. B., Cordel, M. O., Calleja, M. O., Teves, J. M. M., Yap, S. A., &
19. Chua, U. C. (2023). Profiling low-proficiency science students in the Philippines using machine learning. Humanities and Social Sciences Communications, 10(1), 1-12.
20. Berrin, G. E. (2021). Stakeholder Views on Early Literacy and Reading and Writing Acquisition in the Preschool Period. Eğitimde Nitel Araştırmalar

ISSN: 0976-7797
Impact Factor: 4.843
Index Copernicus Value (ICV) = 77.57

21. Cassanova (2001). Pagbasa at pagsulat sa iba't ibang disiplina. Rex Bookstore, Inc. Dergisi, 9(1), 255-286.
22. Mogea, T. (2023). Improving Students' Reading Comprehension Through Group Discussion Technique. Journal Pendidikan dan Sastra Inggris, 3(1), 91-102.
23. Sario, Myrna Basta, (2022). Programang GAP Interbensiyon sa Makrong Kasanayan. Mataas na Paaralan ng Lorenzo S. Sarmiento Sr. ng Mawab, Davao de Oro, (22-50)
24. SEBULLEN, D. M. T., MADAGSEN, V. B., LONGCHASEN, J. T., & CABUSORA, E. A. D. (2023). Enhancing English Proficiency in Elementary Students: A Competency-Based Strategic Intervention Approach. Enhancing English Proficiency in Elementary Students: A Competency-Based Strategic Intervention Approach, 128(1), 14-14.
25. Sebullen, M. T. (2023). Feeling The Flip: Investigating Senior High School Students' Satisfaction with Blended Learning. Iconic Research and Engineering Journals.
26. Sebullen, M. T. (2023, June 10). Navigating the Turbulent Terrain: Gauging Student Experiences with Blended Teaching-Learning Modalities. *Innovations, 73*(04), 1711-1722. Innovations.
27. Osobajo, O. A., & Oke, A. (2022). Exploring Learning for On-Campus Students Transitioning to Online Learning during the COVID-19 Pandemic: Perceptions of Students in the Higher Education. Education Sciences, 12(11), 807.

©2023, Cognizance Journal, cognizancejournal.com, All Rights Reserved